

Mga halimbawa ng pinahintulutan at hindi pinahintulutan na mabigyan ng “change of status of residence” mula [Asawa ng Hapon at iba pa] o kaya ay [Permanent Resident at iba pa] patungong [Long-term Resident] visa

Hulyo 2012

Kawanihan ng Imigrasyon, Kagawaran ng Katarungan

Sa loob ng bagong Immigration Control and Refugee Recognition Law (Tatawaging Immigration Act sa ibaba.) na ipatupad mula ika-9 ng Hulyo, kung ang isang banyagang asawa ng isang Hapon, Permanent resident, o Special permanent resident , na may visa tulad ng [Asawa ng Hapon atbp.] o kaya ay [Asawa ng permanent resident atbp.]ay napatunayan na nasa situwasyon ng tulad ng nakasulat sa blg.7, takda blg.1 ng artiklo 22-4 (patuloy na paninirahan sa Japan ng mahigit sa 6 na buwan , na walang gawain bilang isang taong may katayuan ng pagiging sawa (, maliban lamang kung may wastong dahilan.)), at dahil dito ay kakanselahin ang visa ng taong ito, may konsiderasyon upangsiya ay mabigyan ng pagkakataon upang makapag-apply para sa “Change of status of Residence” o kaya ay aplikasyon para sa visa ng “Permanent Resident”. (basahin sa artikulo blg.22-5).

Sa pagpapalagay ng Kawanihan ng Imigrasyon, Kagawaran ng Katarungan, na maipatupad ang pagbibigay linaw sa artikulo blg.22-5 ng Immigration Act sa itaas, aming ipapakita sa kalakip na attachment ang mga pangunahing halimbawa ng pinahintulutan at hindi pina-hintulutang kaso ng “Change of status of Residence” tulad [Asawa ng Hapon at iba pa] o kaya ay [Asawa ng Permanent Resident at iba pa]patungong [Long-term Resident] visa.

Ang aplikasyon para sa “Change of status of Residence” ay pahihintulutan lamang kung may wastong dahilan upang ito ay marapatin para mapalitan (artikulo 20 ng Immigration Act), Ang pasya kung mayroon o walang wastong dahilan ay ipinagkatiwala sa ministro ng kagawaran ng katarungan o kaya ay itinalagang direktor ng lokal na kawanihan ng imigrasyon, bibigyan ng pangkalahatang konsiderasyon ang mga gawain, kalagayan ng paninirahan, kahalagahan ng paninirahan ng tinutukoy na banyaga, ang pasya ay maaaring magbago kahit na may katulad na sitwasyon sa loob ng mga halimbawang nakasaad sa attachment.

Gayunman, mayroong plano na maglagay pa ng mga karagdagang halimbawa.

1 Mga halimbawa ng pinahintulatang kaso ng pagpapalit ng visa patungo sa [Long-term Resident]

| | Kasarian | Panahon ng paninirahan sa Japan | Dating Asawa | Panahon na kasama ang dating asawa | Dahilan ng paghihiwalay | Tunay na anak sa pagitan ng dating asawa | Mga espesyal na konsiderasyon |
|---|----------|-------------------------------------|------------------------------------|--|-------------------------|---|---|
| 1 | Babae | Humigit kumulang 6 na taon | Hapon (Lalaki) | Humigit kumulang 6 na taon at 6 na buwan | Diborsyo | Tunay na anak na Hapon (Kustodiya ay nasa aplikante) | <ul style="list-style-type: none"> May pagpapatunay sa kustodiya at pagpapalaki sa anak na Hapon. May pirmihang kita sa pagiging caregiver |
| 2 | Babae | Humigit kumulang 5 taon at 1 buwan | Hapon (Lalaki) | Humigit kumulang 3 taon | Pagkabigo sa pagsasama | Wala | <ul style="list-style-type: none"> Bigong pagsasama dahil sa ginagawang pananakit ng dating asawa. Wala pang pormal na paghahain ng diborsyo, ngunit hiwalay na naninirahan, malinaw na ang bawat panig ay nagpapakita ng kanilang intensyong mag-diborsyo. May pirmihang kita bilang Nursing Aide |
| 3 | Lalaki | Humigit kumulang 13 taon at 8 buwan | Special Permanent Resident (Babae) | Humigit kumulang 6 na taon at 1 buwan | Nabyudo | Wala | <ul style="list-style-type: none"> Kailangang ipagpatuloy ang pamamahala sa Metal Welding Business May pirmihang kita sa Metal Welding Business |
| 4 | Babae | Humigit kumulang 8 taon at 1 buwan | Hapon (Lalaki) | Humigit kumulang 4 na taon at 5 buwan | Diborsyo | Tunay na anak na Hapon (Kustodiya ay nasa aplikante) | <ul style="list-style-type: none"> Nag-diborsyo dahil sa pananakit ng dating asawa Nagkaroon ng sakit na Post-traumatic Stress May pagpapatunay sa kustodiya at pagpapalaki sa anak na Hapon. |
| 5 | Babae | Humigit kumulang 10 taon at 5 buwan | Hapon (Lalaki) | Humigit kumulang 11 taon at 5 buwan | Pagkabigo sa pagsasama | Wala | <ul style="list-style-type: none"> Hiwalay na naninirahan nang 8 taon o higit pa dahil sa pananakit ng asawa (ang panahon ng pagsasama ay 2 taon sa kabuuan) Tinatanggihan ng asawa ang pakikipag-usap sa aplikante Kumukunsulta sa abogado para ipagpatuloy ang proseso ng diborsyo |
| 6 | Babae | Humigit kumulang 8 taon at 8 buwan | Permanent Resident (Lalaki) | Humigit kumulang 6 na taon | Pagkabigo sa pagsasama | Tunay na anak na dayuhan (Permanent Resident) | <ul style="list-style-type: none"> Hiwalay na naninirahan nang 3 taon o higit pa dahil sa pananakit ng asawa Hindi nagtagumpay ang pamamagitan sa diborsyo dahil may hidwaan ukol sa kustodiya ng anak, at kasalukuyang naghahanda para sa paglilitis |
| 7 | Lalaki | Humigit kumulang 8 taon at 3 buwan | Hapon (Babae) | Humigit kumulang 7 taon at 9 na buwan | Diborsyo | Tunay na anak na Hapon (Kustodiya ay nasa dating asawa) | <ul style="list-style-type: none"> Patuloy na nagbabayad ng 30,000 yen kada buwan para sa pagpapalaki ng tunay na anak na Hapon May pirmihang kita bilang empleado sa kumpanya |

2 Mga halimbawa ng hindi pinahintulatang kaso ng pagpapalit ng visa patungo sa [Long-term Resident]

| | Kasarian | Panahon ng paninirahan sa Japan | Dating Asawa | Panahon na kasama ang dating asawa | Dahilan ng paghihiwalay | Tunay na anak sa pagitan ng dating asawa | Buod ng kaso |
|---|----------|----------------------------------|----------------------------|------------------------------------|-------------------------|---|---|
| 1 | Lalaki | Humigit kumulang 4 na taon at 10 | Hapon (Babae) | Humigit kumulang 3 taon | Diborsyo | Tunay na anak na Hapon (Kustodiya ay nasa dating) | <ul style="list-style-type: none"> Nahatulan ng "Guilty" sa salang panloloko at pananakit |
| 2 | Lalaki | Humigit kumulang 4 na taon at 1 | Permanent Resident (Babae) | Humigit kumulang 3 taon at 11 | Pagkabigo sa pagsasama | Wala | <ul style="list-style-type: none"> Nanirahan sa labas ng Japan ng humigit kumulang sa 1 taon at 9 na buwan ng mag-isa |
| 3 | Babae | Humigit kumulang 4 na taon at 1 | Hapon (Lalaki) | Humigit kumulang 3 taon at 10 | Nabyuda | Wala | <ul style="list-style-type: none"> Nanirahan sa labas ng Japan ng humigit kumulang sa 1 taon at 6 na buwan ng mag-isa Nanirahan ng hiwalay sa dating asawa kahit noong naninirahan pa sa Japan, at ginawang hanap-buhay ang prostitusyon. |

| | | | | | | | |
|---|-------|---------------------------------------|----------------|-------------------------------------|----------|------|---|
| 4 | Babae | Humigit kumulang 3 taon at 4 na buwan | Hapon (Lalaki) | Humigit kumulang 1 taon at 11 buwan | Diborsyo | Wala | <ul style="list-style-type: none"> • Nagpahayag ng pagiging biktima ng pananakit ng dating asawa, pangalawang paghahain ng diborsyo. • Sa unang diborsyo, humingi ng proteksyon dahil sa umano ay pananakit ng asawa, ngunit hindi pa man nagtatagal ay nagpakasal agad sa ikalawang asawa. • Ang panahon ng pagasasama bilang mag-asawa kasama ang pakikipaghiwalay sa una at pagpapakasal sa huli ay umabot lamang sa humigit kumulang 1 taon at 11 buwan. |
| 5 | Babae | Humigit kumulang 4 na buwan | Hapon (Lalaki) | Humigit kumulang 3 buwan | Diborsyo | Wala | <ul style="list-style-type: none"> • Nag-apply dahil sa mga pinsalang dulot ng pananakit ng dating asawa • Ang panahon ng pagsasama bilang mag-asawa at paninirahan sa iisang tirahan ay hindi aabot sa 3 buwan |
| 6 | Babae | Humigit kumulang 3 taon at 3 buwan | Hapon (Lalaki) | Humigit kumulang 2 taon at 1 buwan | Diborsyo | Wala | <ul style="list-style-type: none"> • Nag-apply dahil sa mga pinsalang dulot ng pananakit ng asawa • Humiwalay ng tirahan sa asawa sa dahilang papasok sa Japanese language school, ngunit nakumpirmang nagtatrabaho sa isang sex establishment • Ang panahon na masasabing nagsama bilang mag-asawa ay humigit kumulang 1 taon at 3 buwan |